HM Government

Grenfell community updates

# Grenfell Tower community update: May 2026 - Tagalog / Tagalog

**Update sa komunidad ng Grenfell Tower: Mayo 2026**

Kinikilala namin na ang Grenfell Tower ay may malalim na personal na kahalagahan para sa mga pinakaapektado ng trahedya at na ang lupain ay sagrado para sa mga pamilya.

Gusto naming maging updated kayo sa aming gawain habang maingat naming ginigiba ang Tower. Sa update na ito, malalaman ninyo ang higit pa tungkol sa:

- **Ikasiyam na anibersaryo ng Grenfell Tower**
- **Mga heart banner ng Grenfell**
- **Pagpapailaw sa Tower**
- **Pagsubaybay sa impormasyon tungkol sa alikabok, pagyanig, at ingay**
- **Suporta sa kalusugan at kapakanan**
- **Kung paano makikipag-usap sa amin o makakakuha ng karagdagang impormasyon**

Makikita n'yo ang mga nakaraang update sa: [www.gov.uk/grenfell-community-updates](www.gov.uk/grenfell-community-updates)

## Ikasiyam na anibersaryo ng Grenfell Tower

Naghahanda ang komunidad ng Grenfell upang gunitain ang ikasiyam na anibersaryo ng trahedya ngayong Hunyo. Patuloy kaming nakatuon sa pagsuporta sa mga naulila, mga nakaligtas, at sa mas malawak na komunidad sa panahong ito. Bilang tanda ng paggalang, ang mga gawain sa Grenfell Tower ay pansamantalang ihihinto simula tanghali ng Biyernes, Hunyo 12, at magpapatuloy muli sa Martes, Hunyo 16. Upang gunitain ang mahalagang araw na ito, magkakaroon ng karagdagang pagpapailaw mula sa Tower. Dahil sa mga kasalukuyang gawain, hindi papayagan ang pagpasok sa site ng Grenfell Tower sa panahon ng paggunita ng anibersaryo ngayong taon.

## Mga heart banner ng Grenfell

Habang nagpapatuloy ang maingat na paggiba sa Grenfell Tower, unti-unti naming ibinababa ang mga banner mula sa Tower. Inilipat ang mga ilaw ng banner upang tumutok paitaas at magbigay-liwanag sa mga ito. Mananatili ang mga banner para sa ikasiyam na anibersaryo ng trahedya, at pagkatapos nito ay maingat na aalisin

mula sa Tower at itatago nang ligtas. Kinikilala namin na mag-iiba ang hitsura ng Tower, at na mahalaga ang mga banner na ito para sa maraming tao. Makipag-ugnayan lamang sa amin sa email address na nasa susunod na pahina kung mayroon kayong mga katanungan.

### Pagpapailaw sa Tower

Narinig namin na mahalaga sa inyo na may nakikitang paalala habang maingat na ginigiba ang Tower. Patuloy na itututok paitaas ang mga sinag ng ilaw sa bawat sulok ng Tower gabi-gabi, mula dapithapon hanggang 11pm. Ang mga ilaw na nagbibigay-liwanag sa mga heart banner ng Grenfell ay bukas din mula dapithapon hanggang 11pm bawat gabi.

### Pagsubaybay sa impormasyon tungkol sa alikabok, pagyanig, at ingay

Nangangako ang pamahalaan na titiyakin na ang lahat ng gawain sa lugar ng Grenfell Tower ay isasagawa ayon sa pinakamataas na pamantayan. Nananatiling pangunahing priyoridad namin ang kaligtasan at kapakanan ng komunidad at ng mga taong nagtatrabaho sa lugar. May mga monitor sa site na kumukuha ng live data tungkol sa alikabok, pagyanig, at ingay. Inilalathala ang data buwan-buwan. Para makita ang pinakabagong mga ulat, paki-click ang mga link sa ibaba:
Ulat ng pagsubaybay sa alikabok: Marso 2 hanggang Marso 29, 2026
Ulat ng pagsubaybay sa pagyanig: Marso 2 hanggang Marso 29, 2026
Ulat ng pagsubaybay sa ingay: Marso 2 hanggang Marso 29, 2026

Patuloy na susuriin at imo-monitor ng UK Health Security Agency (UKHSA) ang kalidad ng hangin sa paligid ng Grenfell Tower habang isinasagawa ang trabaho. Inilalathala nito ang mga ulat bawat buwan. Makikita n'yo ang pinakabagong ulat dito:
Pagsubaybay sa kapaligiran matapos ang sunog sa Grenfell Tower - GOV.UK

### Suporta sa kalusugan at kapakanan

Patuloy na magiging available ang suporta para sa emosyonal at pisikal na kagalingan ng mga pamilyang naulila, mga nakaligtas, at mga residente sa paligid habang isinasagawa ang maingat na paggiba sa Grenfell Tower. Kung nais n'yo ng taong makakausap, puwede kayong:

- Tumawag sa Grenfell Wellbeing Service sa 020 8637 6279 (8am hanggang 8pm, araw-araw).
- Tumawag sa single point of access advice line ng Central and North West London NHS Foundation Trust (CNWL) sa oras ng emergency, sa: 0800 0234 650 (bukas 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo).
- Email: grenfell.wellbeingservice@nhs.net
- Bisitahin ang: www.grenfellwellbeing.cnwl.nhs.uk para sa karagdagang impormasyon.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa mga available na serbisyo, bisitahin ang www.grenfell.nhs.uk

## Kung paano makikipag-usap sa amin o makakakuha ng karagdagang impormasyon

Nais naming magbahagi ng impormasyon sa paraan na makabuluhan sa inyo. Patuloy kaming magbabahagi ng mga regular na update at impormasyon sa: www.gov.uk/grenfell-community-updates

Mag-email sa amin sa: GrenfellTowerSite@communities.gov.uk para:

- Magsaayos ng pakikipag-usap sa amin, o sa pangunahing contractor ng site ng Grenfell Tower, DCUK, sa oras, petsa, at lugar na komportable at angkop para sa inyo.
- Magtanong sa amin ng anumang mga katanungan na mayroon kayo o ibahagi ang anumang alalahanin tungkol sa gawain ng maingat na paggiba sa Tower.
- Hilingin sa amin na direktang i-email sa inyo ang aming regular na mga update.
- Ibahagi ang inyong mga saloobin tungkol sa kung paano kami nakikipag-usap at nakikipag-ugnayan sa inyo, kung nais ninyo. Malugod naming tinatanggap ang inyong mga pananaw.

Para sa pinakabagong mga update sa Grenfell Tower, at upang mag-sign up para sa mga notification sa email, pumunta sa: www.gov.uk/grenfell-community-updates o i-scan ang QR code sa ibaba.

**Team ng pamamahala ng lugar ng Grenfell Tower, Ministry of Housing, Communities and Local Government**